

1



“Isang round muna ako, bok,” ani Justin sabay tapik sa balikat ni Arman, isa mga waiters doon. Napadaan siya sa *Mico's* nang gabing iyon matapos dalawin ang isang kaibigan sa Ortigas. Malapit sa bahay nito ang bar and restaurant na iyon na pinagtatrabahuhan ni Arman, dati niyang kaklase sa university na pinapasukan bago ito huminto dahil sa problemang pinansiyal.

“Sige, at nang mabawasan ang malaki mong allowance!” natatawang kantiyaw sa kanya ng waiter bago siya nito iniwan.

Napapangiting inihatid na lang niya ito ng tanaw. Idinako ni Justin ang tingin sa babaeng nasa entablado nang oras na iyon, si Charisse. Apat na buwan pa lamang ito roon ayon sa kaibigan, pero humahatak na ng maraming kalalakihang customer. Minsan nga ay gusto niyang magtanong kung ang boses pa ba ang hinahangaan ng mga lalaki rito, o ang angking ganda ng mukha ng babae ang binabalik-balikan doon. Madalas kasing may kasamang mensahe ng pag-ibig sa mga request notes, na dinadaan na lang ni Charisse sa biro at tawa.

“Beer mo, bossing!” nakangising singit ni Arman habang inilalapag sa harap niya ang dalawang bote ng beer. “Salamat!” sagot niya saka muling tinapik ang balikat ngkaibigan na abala sa pagsisilbi sa mga customer. Halos puno na ang lugar. Mabuti na lamang at maayos ang distansya ng bawat mesa kaya kahit maokupa pa lahat ay hindi naman magmumukhang masikip.

Hindi na siya sinagot ni Arman, masyado na itong abala sa trabaho.

“Mind if I join you?” anang boses-lasing na babae.

Nilingon niya ito.

Nabungaran ni Justin ang isang babaeng petite, may highlights ang buhok ng kulay-ginto, maliit ang bilugang mukha, mapupula ang labing medyo pouty, matangos ang ulong na parang sa manyika, bilugan ang mga matang napalilibutan ng malalantik na pilik, at ang kilay ay sadyang nakaahit nang manipis. May kaputian ang babae na nakadagdag sa angkin nitong sex appeal.

Maganda, naisaloob ng binata.

Pero mukha itong nawawala sa sarili dahil sa medyo magulong buhok at halos laglag na sa balikat ang spaghetti straps ng suot nitong blouse.

Lasing na 'to.

“Tinatanong ko if I can join your table? Gusto ko lang naman ng kausap, eh!” ulit nito bago padarag na naupo sa tapat niya kahit wala pa siyang sinasagot.

“S-sure...” aniya sa tonong napipilitan. May choice ba siya? Eh, nakaupo na ito at sapu-sapo ang ulo habang pilit na iginagala ang tingin sa paligid.

“Waiter!” tawag ng estranghera na wala namang partikular na pinagtutuunan ng pansin. Basta lang itong nagsasalita. “Waiter, ano ba!” Inilakas pa nito ang tinig at ikinalingon ng mga nasa katabing mesa.

Napansin iyon ni Jeanie, isa sa mga babaeng tagasilbi roon. Mabilis itong lumapit sa kanila. “Yes, Ma’am, ano po iyon?” Sa babae ito nakikipag-usap, pero sa kanya nakatingin; nagtatanong ang mga mata kung kilala ba niya ang tumawag dito.

Sumenyas si Justin ng ‘hindi’ sa pamamagitan ng pagkibit ng mga balikat.

“Bigyan mo ako ng isang bucket na beer, dalawang platter ng sisig, saka cheese!” may kalakasang sabi ng customer na medyo iniangat ang ulo mula sa pagkakasapo ng mga palad.

Jeanie gave him another inquisitive look. Tila nanghihingi ng opinyon niya kung dapat ba nitong bigyan ang babae ng order. Iniisip siguro nito kung kaya pa ng kasama niya sa mesa na uminom pa.

“Nagdududa ka ba kung may pambayad ako o wala?” angil nito sa waitress na hindi tuminag kahit naibigay na ang order. Marahas nitong binuksan ang itim na shoulder bag, inilabas ang wallet. Kinuha ang isa sa mga credit card roon at iniabot kay Jeanie. “There, checked it! Ibalik mo na lang sa akin iyan kapag pauwi na ako!”

Naiiling naman na sumunod ang babae.

“Ikaw...” baling ng estranghera sa kanya, “Sasamahan mo akong uminom ngayong gabi. Nalulungkot na akong uminom mag-isa kaya

sasamahan mo 'ko! Ako'ng bahala sa gastos basta dito ka lang." Taas-baba na ang timbre ng boses nito, halatang marami nang nainom.

"Pero..." tutol ni Justin, paano ay naalala niya ang long quiz bukas sa Industrial Management, isa sa mga major subjects niya. Graduating siya sa kursong Business Administration.

Hinawakan ng babae ang kanyang palad, pinisil at ikinulong sa mga kamay nito.

Ang lambot!

"Please... huwag mo 'kong tanggihan. Please, gusto ko lang maramdaman na merong taong kayang magpahalaga sa akin. Kahit kunwari lang..." Genuine ang pagmamakaawa nito, at least, sa tingin niya. Tila may pinaghuhugutan itong matinding sama ng loob.

Nang hindi sumagot ang binata ay tila natatarantang kinuha ulit nito ang wallet sa loob ng bag, naglabas ng ilang lilibuhin mula roon. Hindi na nito binilang iyon at basta na lang bumunot mula roon.

"Eto." Isinuksok nito sa kanyang kamay ang pera. "Sa 'yo iyan. Tanggapin mo na. Samahan mo lang akong uminom. Huwag mo lang akong iwan..."

Nabaghan ang binata sa depression na nakikita sa babae. Ano ang problema nito at ganoon na lang katindi ang pagmamakaawa sa kanya para huwag niyang iwan?

Ibinalik ni Justin ang pera. "Sige po, sasamahan ko kayo. Hindi n'yo na po ako kailangang bayaran."

He felt like a hypocrite sa huli niyang sinabi. Paano niya nasasabing hindi niya kailangan ng inaalok nito gayung halos maglumuhod siya minsan sa ama,

dagdagan lang ang kanyang allowance para may magastos pang-date sa mga ka-fling niya?

But he could't bear the thought of taking advantage of a damsel in distress. Sana lang ay hindi siya ang mapasama sa bandang huli.

Muli nitong ginagap ang kanyang palad, nakita niyang may nangingilid na luha sa mga mata nito. Napansin niya rin na kahit may makapal na make-up, halata pa ring kagagaling lang nito sa mahabang pag-iyak.

Namisteryosohan siya sa dalaga habang matiim itong pinagmamasdan.

Magtatanong na sana siya tungkol sa problema nito nang dumating si Jeanie. May dala itong pulutan. Kasunod nito ang isang waiter na isang bucket ng beer at ang bucket ng yelo.

“Nasiguro mo nang hindi ko tatakbuhan ang obligasyon ko?” may sarcasm na puna ng babae sa waitress.

“Pasensya na po, Ma'am.” Ibinalik nito sa customer ang card.

“No, sa 'yo na lang muna. O-order pa ako mamaya. Mapagkakatiwalaan naman kita, di ba?”

“Opo naman, pero kasi...”

“Sige na, hintayin mo na lang ang tawag ko uli,” anitong habang nagmumuwestra na puwede nang umalis ang serbidora.

Tahimik na lumayo ang huli matapos na palihim na ibigay kay Justin ang credit card.

“Ano nga pala ang pangalan mo?” mayamaya

ay tanong ng estranghera sa kanya sa pagitan ng pagsimsim ng alak.

“Justin po, Justin Rosales po.”

She curled her lips into a smirk before answering. “Po? Iniisip mo bang masyado na akong matanda?”

Siya naman ang nataranta. “Naku, hindi po. Kostumer po kayo rito kaya nagbibigay-galang lang ako.”

Ang kilay naman nito ang iniarko. “So you work here? Ano’ng trabaho mo?”

“Hindi po. May kaibigan lang po akong nagtatrabaho dito,” pagbibigay-alam niya.

Parang hindi naman nito inintindi ang kanyang sinabi.

“How old are you?” sa halip ay tanong nito.

“Twenty-two po.”

“You look mature for a 22-year-old,” komento nito at saka kinalahati ang laman ng mug.

“Medyo po,” amin ni Justin.

Matangkad siya, malaki ang built ng katawan at medyo pangahan. Tulad ng ibang kabataan, madalas ay sumusunod siya sa uso, kaya ala-Korean actors ang kanyang buhok— hanggang batok iyon at alon-alon. Maninipis ang labi at tila nililok ang ilong sa perpektong pagkakatangos nito. But his greatest asset was his eyes. Deep set iyon at animo laging may malalim na iniisip. Binagayan pa ng may kakapalan at itim na itim na kilay.

“Sa tingin mo, ilang taon na ako?” She was trying to say it in a light voice but she failed.

Iniisip na lamang ni Justin na mag-o-open up na

ito sa kanya. Kaya pinili niyang sagutin nang tapat ang tanong nito. “Twenty-seven po.”

Tumawa ito nang may tunog, pero wala iyong buhay. “Liar! I’m thirty-four.”

Nangunot ang noo ng binata. Para kasing imposible ang sinasabi nito. She looked young for a 34-year-old woman.

“Pero...”

“Oh, come on! You men do not need to flatter me.”

“Tingin ko po talaga, bata pa kayo. Parang late twenties lang,” he said.

Pinilit nitong tumawa ulit, pero muli wala iyong buhay. “Okay, I believe you now. Hindi lang naman ikaw ang nagsabi sa akin niyan.”

Namagitan sa kanila ang katahimikan. Pabalik-balik ang pagsapo nito sa ulo at pag-angat ng mukha upang tingnan siya. Pagkatapos ay tutungga ito ng beer na animo ay wala nang bukas.

“But in fairness to you, guwapo ka.”

Ngiti lang isinagot ni Justin. Alam naman niya iyon. “Siguro, marami ka nang pinaiyak na babae, ano?” nakangisi nitong dugtong. “Ganyan naman kayong mga lalaki, eh! Mga insensitive! You don’t know how to value and keep a good woman. Kapag nakakita kayo ng bagong magpapainit ng dugo ninyo ay iiwan n’yo na ’yung kawawang napagsawaan n’yo na.” May kalakip na galit ang tinig nito.

So iyon ang dahilan kaya ka naglalasing? gusto niyang itanong.

“May ikukwento ako sa ’yo,” sabi muli ng babae

at bahagya pang inilapit ang upuan sa kanya. “Alam mo bang kahit anim na buwan na akong iniwan ng hinayupak kong boyfriend, may pagkakataon pa ring bumabalik ang sakit ng ginawa niyang pag-iwan sa akin in favor of another woman? I feel so stupid! But no man had ever took his place in my heart... kahit anim na buwan na iyon.”

Tango lang ang isinagot ng binata, hindi niya malaman kung paano iha-handle ang kausap.

“Ako pa ang tangang tumulong sa kanya para makaalis at makapagsimula abroad, pero nang makarating doon, kasama pala ako sa mga alaalang gusto na niyang ibaon sa limot dito sa Pilipinas.” Nabasag ang tinig nito.

“Sa abroad?” singit niya.

“Sa Canada. Doon nagtatrabaho ang lokong iyon, eh. Anim na buwan na. Alam mo ba na ang walahiyang lalaking iyon ay ni hindi nag-offer sa akin ng kasal kahit minsan noong nandito pa siya sa Pilipinas? Pero n’ung may nakilala na kung sino lang doon, pinakasalan na agad...” Tumungga ito ng alak nang sunud-sunod. “Samantalang ako na ina ng anak niya.”

“May anak ka na?” gulat na tanong ni Justin. Tumango ito. “He’s eight now at grade two na. ’Eto paang siste. Kahit alam ng anak ko na iniwan kami ng tatay niya, hindi siya nagtatanong. Parang naunawaan na niya ang sitwasyon. But I know, when he’s alone, umiiyak rin siya...”

Napasubsob ito sa dibdib niya. Pilit nitong kinokontrol ang pag-iyak at tahimik lang na humagulbol.

“Wala na akong asawang aasahang bumalik. Wala na, but I kept on hoping...” anito sa pagitan ng pag-iyak.

Hindi malaman ni Justin kung paano aaluin ang babae, mabuti na lamang at pumailanlang ang masiglang awitin kaya walang nakapansin sa ayos nila.

Ano ba ang dapat niyang sabihin sa babae para kumalma ito? He could not think of better words to say.

Hinagud-hagod na lamang niya ang likod nito.

“Put*ng ina! Nagpakaloyal ako sa kanya. Nagpapakagaga! Hanggang ngayon... hanggang ngayon...” mahina pero paulit-ulit na sabi ng babae.

Sa kawalan ng masabi ay naisip niyang magmagandang loob na lang.

“Saan ka po ba nakatira? Ihahatid na po kita.”

Saka lamang ito nag-angat ng mukha, hiram sa mga mata ang luha. “Pasensya ka na...”

Nakaakbay pa rin si Justin sa babae. Halos ay magkayakap na sila at walang sinuman ang mag-iisip na wala silang anumang ugnayan sa isa’t isa at kakikilala pa lang nila ilang oras ang nakakaraan.

“Gusto ko pang uminom, gusto ko pang magpakalunod sa alak. Until I get numb. Hanggang sa hindi ko na maramdaman ang sakit na nandito sa puso ko!” anito sa tila hirap na hirap na tinig. “Kung nakakaistorbo ako sa ’yo, puwede mo na ’kong iwan...” Kumalas ito sa pagkakayakap sa lalaki.

“Sige po, iinom tayo. Pero hindi sa lugar na ito. Puwede tayong uminom sa bahay n’yo, o kaya, sa amin. At least doon, masisiguro nating ligtas tayo kahit gumapang man tayo sa lasing,” kumbinsi pa niya.

Naisip kasi niya, baka mapahamak lang ang babae kung iiwan niya roon.

May iniisip siyang isang lugar kung saan ay walang mga matang pupula sa kanila makita man silang magkasama magdamag—kung saan niya dinadala ang mga babaengnakasama na niya sa kama.

Tila naman napahinuhod niya ito. “Sige.” Nauna na itong tumayo.

Mabilis namang lumapit sa kanila si Jeanie. Ilang saglit niya itong kinausap. Ipinabalot na lamang ang kanilang order, pinadagdagan na rin ang beer. Nangako na lamang si Justin na siyang magbabalik ng mga bote kinabukasan.

Tinulungan silang dalhin ang kanilang ipinabalot hanggang sa labasan. Akay-akay niya kasi ang babaeng bubulong-bulong ng mga sama nito ng loob. Minumura nito ang isang lalaki, na hindi naman niya kilala.

Mabuti na lang at kabibigay pa lamang sa kanya ng allowance ng ama, mayroon silang maipapamasahe. Pumara sila ng taxi at sinabi niyang ihatid sila sa Brgy. Ugong sa Pasig. Mayroon doong labindalawang pintong paupahang apartment na pagmamay-ari ng kanyang mga magulang. Isa sa mga unit doon ang bakante.

Walang imik ang babae habang nasa biyahe sila. Mahigpit lang ang yakap nito sa kanya at pasiguk-sigok pa rin.

Nagpatulong na lamang si Justin sa taxi driver para sa kanilang mga bitbit na inumin at pulutan bago ito idinispatya matapos bayaran.

“Pasensya ka na rito, maliit lang,” aniya habang

inaayos ang pagkakahiga ng babae sa pandalawahang kama sa isang sulok ng silid. Ungol lamang ang isinagot nito. Hindi kalakihan ang unit pero disente ang lugar.

Nabili ng ama ang lote mula sa isang kaibigang nangibang-bayan na.

“Inom ka pa ba?” tanong niya sa kanyang bisita.

Muli, ungol lang ang isinagot nito.

“Matulog ka na lang kaya?”

Wala nang sagot, nasiguro niyang nahuli na ang kanyang suggestion.

Napabuntong-hininga na lamang ang binata. Inayos na lang niya ang kanilang mga dala at nilagyan ng takip ang mga pulutang ipinatong niya sa mesa. Inayos niya rin ang mga bote ng beer.

Naghubad lang si Justin at saka naligo sa maliit na banyo na kanugnog na kuwarto.

Naka-shorts na lamang siya nang tabihan ang estranghera. Pinagmasdan niya ito. Naisip niya, ano kayang klase ng lalaki ang iiwan sa ganito kagandang babae?

Baka naman hindi siya mabuting asawa? sundot ng isang bahagi ng kanyang utak.

Posible iyon. Pero may isang bahagi ng kanyang utak na tumatanggi sa ganoong isipin. Wala sa hitsura nito na hindi ito isang mabuting maybahay. O puwede ring nagkakamali siya ng panghuhusga.

Napansin niya ang suot nito, mukhang liberated pero hindi mukhang bastusin. Naisip niyang paginhawahin ang pakiramdam ng babae, hinubad niya ang suot nitong blouse at cropped jeans. Panloob

na lamang ang itinira niya rito. Pagkatapos, kumuha ng bimpò at binasa iyon ng maligamgam na tubig.

Habang pinupunasan ito, napansin niyang nagreact ang kanyang pagkalalaki. Maganda rin kasi ang hubog ng katawan ng babae, makinis ang balat na mamula-mula.

“Ano’ng ginagawa mo?” bigla ay tanong nito sa inaantok na tinig nang bahagyang kumilos. Hindi naman pala ito talagang tulog.

Para namang nataranta ang lalaki. “Eh, pinabababa ko lang po ang lasing ninyo.”

Natawa lang ito nang pagak. “Tell me, maganda ba ako?” Inabot ng babae ang kanyang mga kamay at ipinatong iyon sa malulusog na dibdib nito.

Bigla naman ang pag-iinit ng kanyang katawan at talagang nag-react ang ugat sa pagitan ng mga hita niya.

“M-maganda...”

“Kiss me,” alok nito at bahagya pang inihaplos sa pisngi niya ang malambot na kamay.

“Po... eh...”

Ibinaba nito ang palad mula sa pisngi ng binata papunta sa dibdib, “Please kiss me. Gusto kong maramdaman na meron pang lalaki na puwedeng magbigay sa akin ng atensyon. Kahit konti lang, kahit ngayon lang...” Mangiyak-ngiyak na naman ang tinig nito.

Nang hindi pa rin tuminag ay ito na ang nagpilit na bumangon saka siniil siya ng halik. Nalasaan ni Justin ang serbesa na naiwan pa sa mga labi ng babae. Pinalalim pa nito ang halik na iyon at nanubok sa

maaaring matagpuan sa loob ng kanyang bibig, habang ang kamay ay bumaba naman sa pagkalalaki niya.

Napaungol si Justin. Hinayaan na lamang niyang kubabawan siya nito.

Nang sa tantiya ng babae ay nagalugad na nito ang kabuuan ng bibig ni Justin ay nagsimula na itong bumaba saleeg, patungo sa makisig na dibdib na lalong ikinalakas ng ungol ng binata. Nang bumaba pa ang babae sa pagitan ng kanyang mga hita, nakagat na niya ang labi upang pigilan ang sarili na mapasigaw sa sensasyon.

Parang hinihigop ang buong pagkatao niya sa pagbaba-taas ng ulo ng babae, tila dinadala siya sa ibang dimensyong nagdudulot ng deliryo sa buo niyang sistema. She gave him a few moments of paradise before kissing him back up his chest, to his lips.

Ibinuka niya ang mga labi at nakipaglaro ang kanyang dila sa estrangherong bibig nito habang ang sariling mga kamay ay malayang dinadama ang bawat sulok ng maalindog na katawan ng magandang babae.

Tila sinapian siya ng kakaibang init na nadarama. Si Justin naman ang umibabaw dito saka sinimulang paglakbayin ang mga labi sa katawan nito na nagparaya naman at mahihinang buntong-hininga at ungol lamang ang naging tugon. Nang tumbukin niya ang pagkababae nito at sambahin iyon ng bibig, mga impit na ungol ang namutawi sa mga labi nito habang di mawari kung saang direksyon ibibiling ang mukha.

Nang maramdamang tila gusto nang kumawala ng bulkan sa kanyang puson, inangkin na niya ito

nang tuluyan. Iniaarko ng kaniig ang katawan upang salubungin ang bawat ulos ni Justin. Kasabay ng maririing halik at paghigpit ng yakap nito sa kanyang balakang ay sabay silang umindayog sa ritmong sila lang ang nakakarinig... hanggang sa sabay nilang marating ang sukduhan.

He kissed her on the forehead before retiring next to her. Niyakap niya ang babaeng ni hindi niya alam ang pangalan at awtomatiko naman itong yumakap sa kanya.

Makailang ulit nilang pinagsaluhan ang init sa buong gabi.



“Sorry ah, pero di ko kasi matandaan ang pangalan mo.” Sinasabi iyon ng babae nang hindi kasasalaminan sa mukha ng pagkaasiwa sa kanya, kahit pa kapwa sila hubad sa ilalim ng kumot.

Alas diez na ang oras na isinasaad sa kanyang cellphone. Nakaunan ito sa braso ni Justin habang nakayakap at hinahagod ang kanyang dibdib.

“Ang totoo, hindi pa tayo magkakilala,” aniyang hindi ito nilingon. Ang isip niya ay naroon sa pinagsaluhan nila nang nagdaang gabi, at ang mga panibagong damdamin na binubuhay nito sa dibdib niya. At ni hindi pa niya alam ang pangalan ng babaeng nagbigay sa kanya ng kakaibang karanasan sa sex.

Mahinang tawa ang naging sagot ng babae sa kanya. “Damn! I never knew I’m capable of things like this!” anitong parang siyang-siya sa bagong nadiskubre tungkol sa sarili.

“So ano nga’ng pangalan mo?” tanong ni Justin.

“Oh, I’m Reema. Reema Villarica.”

“I’m Justin. Justin Rosales,” pagpapakilala uli niya sa sarili.

“Nice knowing you, Justin, and thank you. Sa lahat...” Nilingon na niya ang babae saka binigyan ng isang napakatamis na ngiti.

“OMG, you’re so handsome!” bulalas nito sabay bangon saka ikinulong sa mga palad ang kanyang mukha. Tila nagbibirong pinagmamasdan pa ng babae ang kabuoan ni Justin. “And with an extremely hot body!”

Napahalakhak na ang binata. Mabilis niyang kinabig ang katabi at dinaganan ito. “Ulitin natin.” Saka niya ito sinabasib ng halik.

Hindi naman siya nabigo dahil sinalubong nito ang init na gusto niyang ibahagi rito. Sa pagkakataong iyon, mas mapusok, mas mainit. Ito ang umibabaw at sinimulan nitong paulanan ng halik ang kanyang mukha matapos humiwalay sa kanyang labi. Pagkatapos, marahang bumaba sa kanyang leeg ang bibig ng babae na parang gustong galugarin ang anumang itinatago niya roon.

Mayamaya, bumaba ito sa kanyang dibdib at nilaro sa bibig ang tuktok ng mga iyon. Naghatid iyon ng matinding sensasyon kay Justin kaya medyo nasabunutan niya ang babae. Tila siyang-siya naman si Reema sa ginagawa.

Bumaba pa ito sa kanyang tiyan at tila masarap na sorbetes na pinasadahan ng dila ang bawat uka at

hulma sa abs niya. Napaungol siya nang malakas, at kung hindi lang niya inaalala ang mga tao sa katabing unit ay hindi niya pipigilan ang pagsigaw.

Napabangon si Justin nang tuluyan habang napapasinghap nang katagpuin ng bibig nito ang kanyang pagkalalaki. Hindi nito pinansin ang kanyang reaksiyon, sa halip ay lalo pang pinagbuti ang ginagawa. What she was doing was definitely ten times better than what she did last night. Siya naman ang hindi mawari kung saan ibibiling ang ulo. He ended biting his pillow to keep himself from screaming.

As if the torment wasn't enough, she positioned herself on top of him and started gyrating her hips. Muntik na siyang mabaliw sa sarap. Marahang gumalaw si Reema hanggang sa nasa loob na siya nito. She moved in a slow rhythm.

Pero dahil tila sinasapian na ng kakaibang espiritu si Justin, sinalubong niya ito sa mas mabilis na ritmo; nagpatuloy hanggang sa tuluyang sumabog ang lahat ng sensasyon sa buo nilang pagkatao.

2



“Sino’ng tumitingin sa anak mo ngayong nandito ka?” naalalang itanong ni Justin kay Reema habang nag-aalmusal sila, na mas tamang tawaging tanghalian dahil ilang minuto na lang ay alas doce na. Tinapay at instant noodles ang kanilang pinagsasaluhan.

“Ah, naikuwento ko na pala sa ’yo.” Kahit hindi na umiiyak at pilit na pinasisigla ang tinig, kita sa mukhang babae ang problemang dinadala. “Kasama niya ang yaya niya. Nagpaalam naman ako sa anak ko na hindi makakauwi kagabi. Kung hindi mo ako dinala rito, sa hotel ko talaga planong matulog. Hindi ko kayang humarap sa kanya nang ganito ang nararamdaman ko. I usually felt withdrawn... kapag bumabalik ang sakit tuwing maaalala ko ang anak ko.”

“Okay ka na ba?” concerned na tanong ng binata.

Pinilit ng kaharap ang isang ngiti. “Yeah. Kahit paano, with your help, you made me realize na hindi lang siya ang lalaki sa mundo. Nasasaktan ako ngayon dahil may malalim kaming pinagsamahan. Pero kailangan kong tanggapin ang nangyari. I need to move on. Pinipilit ko naman lagi eh, minsan lang

nag-fe-fail ako.”

Napangiti rin si Justin. “Tama ’yan.”

Tahimik na ipinagpatuloy nila ang pagkain.

Matapos kumain, nagpaalam na ang babae.

“Ihahatid na kita,” alok ni Justin.

“Huwag na, masyado nang malaking abala ang ginawa ko sa ’yo.”

Nakalibre naman ako ng sex, sa loob-loob ng binata. Pero sinarili na lamang niya iyon. “Okay lang, wala naman akong gagawin ngayong maghapon, eh.”

“Ikaw.”

Paglabas nila ng unit, alam ni Justin ay pinagtitinginan sila ng mga tenants nila.

“Pasensya ka na sa lugar na ito, ha,” aniyang habang nakaalalay sa babae.

“Okay lang ’yun, ano ka ba!” natatawang sagot ni Reema na bahagya pa siyang tinampal sa balikat.

“Dito lang kita kayang dalhin, eh.”

Nilingon siya nito saglit bago nagtanong. “Nasaan ba ang pamilya mo?”

“Sa Antipolo talaga ako nakatira.”

“Saan d’un?” nangungunot ang noong tanong ng babae.

“Sa may Del Pilar, malapit lang sa simbahan.”

“Biruín mo nga naman!” palatak nito. “Magkababayan pa pala tayo, sa *Beverly Hills Subdivision* ako.”

Napatango si Justin; madadaanan kasi ang lugar na iyon kapag papasok ng kabayanan ng Antipolo.

“So iisa lang pala ang way natin ngayon?”

“Yep, mauuna lang ang sa inyo.”

Pagdating sa kanto, agad na kinawayan ng babae ang isang taxi na namataan.

“Puwede namang jeep,” protesta niya.

“Ayoko ng masyadong crowded, hindi ko gustong makaharap ng maraming tao kapag ganito ang emotional state ko.”

Hindi na nagprotesta si Justin.

“So, lagi ka ba sa bar?” bukas nito ng usapan ng makalulan sila sa sasakyan.

“Medyo.”

Nagkatinginan sila, pagkatapos ay halos sabay na nagkangitian. Sa buong biyahe pauwi, magka-holding hands sila kahit hindi nag-uusap.



Tila naman gustong manliit ng binata nang makarating sa bahay ng babae. Two-storey ang bungalow type na bahay ni Reema, may malawak na lawn na sa gilid ay natatamnan ng iba’t ibang uri ng mga bulaklak na mahihinuhang alagang-alaga base na sa dami at pagiging malago ng mga ito. Walang gate ang bahay at may ilang naglalakihang punong-kahoy sa paligid na pinalilibutan ng pantay-pantay na Bermuda grass.

“Dito ka nakatira?” hindi makapaniwalang tanong ni Justin.

Natawa naman ang babae sa kanyang reaksiyon. “Yes, come inside.”

Nang hindi tuminag sa kanyang kinatatayuan, hinila na siya ng kasama.

Pagpasok sa loob ay binulaga siya ng magagarang kagamitan, pinaghalong mga antigong muwebles at

chinese porcelain na nasa sala.

“Ang yaman mo pala!” bulalas na muli ni Justin. “Bakit nag-commute ka kagabi?” tanong niya at inginuso ang isang pulang kotse sa garahe.

“Sinadya kong iwan ’yun. Para kung saan man ako dalhin ng mga paa ko, doon ako. Wala akong kailangang intindihin na kahit ano,” paliwanag ni Reema, saka sumigaw ng ‘Nana’ na marahil ay pangalan ng kasama nito sa bahay.

Mula sa kusina ay hangos na dumating ang tinawag. Isa itong matandang babae na payat, maliit, at sumasalit na ang puting buhok sa iilang itim.

“Ay naku, Reema, mabuti naman dumating ka na! Pinag-alala mo ako!”

Natatawa namang inakbayan ng babae ang huli. “Nagpaalam naman po ako sa inyo, ah! Baka naman kung anu-ano ang ikinuwento mo kay Rodney?”

“Wala, mapagkakatiwalaan ako!” Sabay pa silang nagkatawanan.

“Ah, siya nga pala si Justin. Siya ang pasalamatan mo dahil pinagmalasakitan niya ako.”

Para namang gustong makonsensiya ng lalaki sa paraan ng pagpapakilala ni Reema sa kanya. Tingin kasi niya ay inabuso niya ito, nag-take advantage sa sitwasyon nito. Pero pinilit pa rin niya ang isang ngiti sa matandang hindi naman kumbinsido sa sinabi ng amo.

“Magandang hapon po,” pagbibigay-galang niya rito.

Nginitian siya ng matanda.

“Si Nana Menang. Siya ang kasa-kasama namin dito ng anak ko. Si Rodney, he’s eight. Nasa school

siya ngayon; grade two na.” Binalingan nito ang ginang pagkakuwan, “Pakidalhan naman po kami ng merienda.”

Dagling tumalima ito.

“Nakakahiya pala na pinatulog kita sa maliit na apartment na ’yun.” Si Justin nang makapagsarilinan sila.

Ngumiti si Reema. “It was a wonderful experience. I’ll treasure it. At salamat sa panahon; sa pakikinig, at sa pagmamalasakit.”

Ibinigay ni Justin ang kanyang mahiyaing ngiti sa dalagang ina. “Tingin ko, nag—”

“Magkaibigan na tayo simula ngayon, hindi ba?” putol nito sa iba pa niyang sasabihin saka tumitig nang matiim sa kanyang mga mata.

Napatango na lamang ang binata. He was staring at the most beautiful eyes he had ever seen. How could he refuse?

“Great! Wala na tayong iba pang dapat na pag-usapan.”

Nagkatawanan sila. Noon naman bumalik si Nana Menang. Takang-taka ito sa bagay na kanilang pinagtatawanan.

But they did not dare to share, it was just between the two of them.



Dumating si Justin sa kanilang bahay na tanging ang kasambahay na si Rhoda ang naghihintay. Pumasok na sa kani-kanilang mga trabaho ang kanyang dalawang nakatatandang kapatid. He was the youngest at bukod-tanging nag-aaral dahil na rin sa makalawang

pagpapalit ng kurso at ilang subjects na naibagsak sa kursong Journalism at Chemical Engineering na kalaunan ay na-realize niyang hindi naman talaga niya gusto.

Operation Manager sa isang contact center company sa Makati ang kanyang sinundan na si Maxine samantalang junior marketing executive naman sa isang malaking kompanya si Jewel, ang kanilang panganay. Nag-iisa siyang lalaki at bunso pa, kaya nga hangga't kaya ay ibinibigay ng pamilya ang kanyang hilig sa kondisyong hindi mapapabayaang ang kanyang pag-aaral.

“Tawagan mo ang papa mo,” bungad ni Rhoda nang paglabas nito galing sa kusina ay makita siyang naghuhubad ng sapatos.

“Mamaya. Kakain lang muna ako. Patimpla naman ng kape, Beng,” lambing niya rito. Iyon ang pet name niya rito, na hindi niya maalala kung paano niya naisip at saan nagsimula.

“Opo, señorito!” sagot nito at pabiro pang umingos bago nagbalik sa kusina.

Natawa na lamang siya sa ginawi ng kasambahay. Simula noong limang taon pa lamang siya, matapos mamatay ng kanyang ina dahil sa kumplikasyon ng sakit sa baga, si Rhoda na ang nakagisnan niyang nag-aalaga sa kanya. Magkukuwarenta na ito, may kaitiman at katabaan pero masayahin kaya nakakasundo nila.

Nang bumalik ang babae ay dala na nito ang kanyang kape na may katerno pang sandwich.

“Saan ka ba kasi nanggaling kagabi?” usisa nito matapos na mailapag sa harap niya ang dala.

“Doon ako natulog sa Ugong,” sagot ni Justin.

“Nagdala ka na naman ng babae, ano?” Sinadya pang mandilat ng kasambahay sa kanya nang sabihin iyon.

Natawa na lamang siya. “Bakit mo alam?”

“Hay, naku! Iyang kara mo, eh, kabisado ko na. Simpleng manyak!”

Siya naman ang nandilat. “Excuse me! Ako ang nilalapitan at inaalok, mapagbigay lang ako!” Natatawa siya habang nangangatwiran.

“Ang sabihin mo, kapag nakapalda, kahit ano pa’ng hitsura pinapatos mo!”

Lumabi si Justin, natawa naman ang kausap. Kabisado na ng babae na ganoon siya kapag wala nang maisagot. Patutulusin na lamang niya ang nguso.

Sa isip naman ni Justin ay nagbalik ang mga bagay na pinasaluhan nila ni Reema. Weird, dahil parang napaka-special niyon na ni ayaw niyang i-share sa kaharap. Hindi kagaya dati na kapag nasa bahay siya ay magkukwento siya nang magkukwento at tatawanan nila iyon. But now, it was different.

“Ewan ko sa ’yo! Matutulog na nga lang ako. Hindi na naman ako makakapasok ngayon, eh.”

Habang patungo siya sa kanyang kuwarto, naiwan namang nag-iisip si Rhoda. Pakiramdam nito ay may nagbago sa alaga. Hindi nito masabi kung ano.



“Tigilan mo iyang pambababae mo ha,” sita ni Wilmer Rosales sa bunsong anak habang naghahapunan sila.

Halatang kagigising pa lamang nito ay sinabi na ng

kanilang kasambahay kung anong oras siya dumating.

Sa halip na sumagot sa ama, binalingan ni Justin si Rhoda na seryosong kumakain. “Tsismosa ka kahit kailan!” may halong inis na sabi niya rito.

Tila naman hindi siya nito narinig at hindi kumibo “Hoy, ako ang kausap mo,” sita ng ama.

“May dinala lang ako d’un sa Ugong na lasing, doon ko na dinala. Hindi ko naman alam kung saan siya nakatira, eh.”

“At nagmamagandang-loob ka pa pala?” sarkastikong pansin ng ama. Napansin niyang ngingiti-ngiti lang ang dalawa niyang ate.

“Bakit n’yo ako pinagtatawanan?” aniyang nakalabi na.

“Huwag nga kung sinu-sino ang pinapansin mo!” May halong inis na ang tinig ng kanyang ama. Ayaw pa naman niya itong nagagalit. Hindi ito namamansin kapag ganoon, at hindi siya mabibigyan ng allowance kapag nagkataon.

“Sorry po...”

“Tingnan mo ang ginawa mo, hindi ka tuloy nakapasok sa eskwela.”

“Papasok na po ako bukas,” aniyang animo maamong tupa.

“Ayusin mo...”

“Bakit kasi hindi ka magseryoso ng girlfriend? Hindi iyang kung sinu-sino ’tapos sex lang ang basis ng koneksyon n’yo. Pagkatapos n’un, ano na? Samantalang kapag may girlfriend ka, hindi man kayo mag-sex ay nag-iisip naman kayo ng future.” Sa wakas ay sumingit na si Jewel. Kaso nga lang, nasa side ito ng ama. Hindi

nakatulong.

“Eh, panay pa-cute ang mga nakikita ko sa school, sa mga bar naman, mga mukhang pokpok!” ani Justin.

Matalim ang tingin na ipinukol ng ama sa kanya, hindi nito gustong gumagamit sila ng mga foul words laban sa kung sino man.

“Ano gusto mo? Iyong makindatan mo lang, titihaya na? O iyong mas matanda sa ’yo?” Si Maxine.

Tila naman may nasaling na kung ano sa damdamin ng binata. Hindi na niya napansin na pati ang kapatid niya ay sinikmatan ng kanyang ama. “Wala namang masama kung sa mas matanda ako magkagusto, ah! Basta ba mahal ko,” depensa niya na ang nasa isip ay si Reema.

“Mahal mo nga, kaso katawan mo lang mahal niya,” hirit pa rin ni Maxine.

“Siyempre pipili ako ng mahal din ako!”

“Marami nang matrona ngayon; naghahanap ng bata. ’Yung mga bata naman, madaling mauto, madaling dramahan.”

“Hindi ganoon ’yon!” Hindi napansin ni Justin na napataas na ang kanyang boses. Ang napuna niya ay ang pagtahimik ng lahat; maging ang tila walang pakialam na si Rhoda ay natuon ang pansin sa kanya.

“Sorry...” he said when he finally realized what he just did.

“May karelasyon ka ba ngayong mas matanda sa ’yo?” pormal na tanong ni Wilmer.

Mabilis siyang umiling. “Wala po.”

Pero mukhang hindi kumbinsido ang mga ito sa sagot niya. But he did not bother to explain. Tahimik

na lamang niyang ipinagpatuloy ang pagkain.

Kahit iba na ang sumunod nilang paksa, alam niyang may umusbong na pagdududa sa isip ng mga kaharap.



Maghapon habang nasa eskwelahan ay si Reema ang laman ng isip ni Justin. Okay na kaya ang babae? Tingin niya kasi ay hindi ganoon kadaling malampasan ang isang kabiguan lalo pa nga't merong isang buhay na alaala ng mga taong pinagsamahan nila.

May nangyari sa kanila ng babae at puwedeng maulit iyon—kung hindi kasama niya ay sa piling ng iba. Sa isiping iyon ay parang may kumurot sa kanyang puso. Hindi sapat ang sex para malimutan ang isang relasyon na taon na ang binilang. Kasama na ang mga pangarap na gumuho at nagtapos.

“Whoa! Mukhang problematic ka, 'Tin!” Si Jonjon iyon; siniko pa siya habang magkasabay silang palabas ng campus. Kaklase niya ito simula high school at matalik na ring kaibigan. Pareho silang Business Administration ang kursong kinukuha, nauna lang ito nang dalawang taon sa kanya

Takang napalingon siya sa kaibigan. “Bakit?”

Huminto sila sa isang tindahan kung saan bumili ang kaibigan ng sigarilyo. Naupo sila kapwa sa bench sa gilid ng tindahan.

“Kanina ka pa parang wala sa wisyo, eh. Di ko tuloy malaman kung bad trip ka o bangag lang.”

Natatawang tinampal niya ang likod ng kaibigan. “Loko mo, hindi ako nagdodroga 'no. Paano ako mababangag?” Ang totoo niyan, ni hindi siya

naninigarilyo. Paminsan-minsang pag-inom lang ang tanging bisyo niya.

“O, ’nong problema ngayon?”

Nagkibit si Justin ng balikat.

“Hulaan ko, babae na naman, ano?” nakangisi nitong sabi.

Hindi siya kumibo.

“Whew! Meron na bang bebot na tumanggi sa ’yo?”

Natawa na si Justin. Nagdesisyon siyang ikuwento rito ang tungkol kay Reema at ang nararamdaman niyang pagkabalisa. O mas tamang ‘confusion’ ang terminong gamitin dahil nalilito siya.

“Tinamaan ka ba, p’re?” tanong ni Jonjon saka humitit ng kasisindi pa lamang na sigarilyo.

“Ewan ko, hindi ko masabi, eh. Magdamag lang kaming magkasama. Parang typical na one-night stand ko lang, pero nag-aalala ako sa kanya.”

“Tingin ko, gawin mo lang ang naisip mong gawin. Kung gusto mo siyang makita, then go. At habang gan’on, doon mo na lang i-discover kung ano ba talaga ang gusto mo sa kanya.”

“Paano kung ma-develop ako?”

“Ano’ng problema r’on?”

“May live in partner siya dati, mas matanda sa akin. Saka nag-aaral pa ako...”

Malutong na halakhak ang isinagot ng kaibigan. “Hindi ’yan problema, ’dre. Hindi na natin kailangang pag-usapan ang solusyon diyan. Alam nating pareho na napakadali ng solusyon diyan, at simple.”

Oo nga naman. Bakit ba tila biglang pumuro ang utak niya?



“Ikaw pala.” Kahit parang walang buhay ang tinig ni Nana Menang nang mapagbuksan siya ng pinto kinagabihan ay may na-detect siyang relief mula roon. Pinapasok siya nito sa bahay.

Sa sala ay naabutan niyang tahimik na naglalaro ng *PlayStation* ang isang batang lalaki. Ito marahil si Rodney, naisip niya. Cute ang bata, maputi, mabilog ang katawan, at malago ang straight na buhok na bahagyang tumatabon sa mga mata nitong napansin niyang bilog na bilog at may kalakihan nang minsang lingunin siya at magkangitian sila.

“Si Reema po?” tanong niya sa matanda.

“Hay naku, iyon na nga ba’ng problema ko sa babaeng iyon. Pagkaalis mo kahapon, nagkulong na sa kuwarto. Umiinom nang mag-isa, lumabas lang kaninang umaga nang asikasuhin ang anak sa pagpasok. Pero lasing. Ngayon naman, hindi na makababa sa sobrang kalasingan,” anitong tila nagsusumbong.

Hinagod ni Justin ng tingin ang bata. Engrossed na engrossed ito sa nilalaro, parang hindi sila napapansin; walang muwang sa nangyayari sa pamilya nito.

Hinaplos ang puso niya ng awa para sa paslit. Naiiwan itong mag-isa sa isang panahong ang mga magulang ay mas iniintindi ang kanilang mga personal na nararamdaman.

“Puwede ko bang puntahan si Reema?” lakas-loob niyang tanong sa matanda.

Ilang saglit munang tila nagdalawang-isip ito bago pumayag. “Sige, kausapin mo nga.”

“Salamat po.” Inakyat ang hagdanang itinuro ng matandang tila nawiwirduhan sa sitwasyon. Paano’y nakauniporme pa ang binatang dumadalaw sa amo nito.

Marahan siyang kumatok sa silid, walang sumagot. Sinunud-sunod niya ang katok. Wala pa rin kaya nagpasya siyang pihitin ang seradura, bumukas ang pinto kaya pumasok na siya. Madilim doon at kailangan pa niyang pailawin ang cellphone habang hinahagilap ang switch ng ilaw.

Nang magliwanag ang kuwarto ay nakita niyang nakaupo si Reema sa sahig sa gilid ng kama. Gising naman ito. Napansin niyang gulo ang buhok ng babae, nakasuot ng maikling shorts at litaw ang makikinis na binti. Naka-sando lang ito ng striped. Sa may ibabaw ng maliit na cabinet sa gilid ng headboard ng kama ay naroon ang halos ay ubos nang alak.

“Gusto mo bang ulitin ’yung nangyari kagabi?” untag nito.

“Reema... hindi naman sa ganoon,” aniya habang palapit rito.

“Akala ko kaya ko na. Akala ko, magagawa kong isantabi lahat at ituon lang ang atensyon sa trabaho ko at sa anak ko. Pero...” Napahinto ito nang mapahikbi. “Ang hirap pala. Maya’t maya, nararamdaman ko ang sakit! I can’t deny it dahil very evident ang sakit!” Isinubsob nito ang mukha sa palad. Pilit na kinokontrol ang pag-iyak.

Nahahabag namang nilapitan ito ni Justin, kinabig at hinayaang doon umiyak sa kanyang balikat.

“Ang sabi niya, masyado akong perpekto para

magkaroon pa siya ng dahilang maghanap ng iba. Bubuoin niya lang raw ang sarili niya dahil ramdam niya ang malayong estado ng mga buhay namin...” Sa pagitan ng pagsigok ay hinayaan niyang magkuwento ang babae. “I agreed because I want to preserve his pride as a man. Kahit na nga wala akong naaalalang pagkakataon na ipinaramdam ko sa kanya ang agwat namin dahil ako ang boss, at isa siya sa mga accountants sa kompanya namin. Minahal ko kasi siya. Mahal na mahal ko kasi siya.” Parang batang ngumuyngoy si Reema.

Pero hinikayat niya pa rin itong magpatuloy. “Go on...” Alam niyang mas makabubuti kung mailalabas nito ang sama ng loob.

“Pero hayup siya! Sinungaling naman pala siya! Pati anak niya, iniwan niya!”

Bahagya siyang natuwa sa narinig. Mas mabuting magalit si Reema sa asawa. Iyon ang pinakamagandang rason para hindi ito mag-dwell sa pagkaawa sa sarili. Darating ang panahon ay mawawala rin lahat ng sakit sa puso nito.

Hindi na malaman ni Justin kung gaano katagal sila nanatiling magkayakap. And he even concluded that if there was a need for them to stay that way forever, he would be willing. He felt comfortable as he was comforting the woman. Kahit pa sa kung anong dahilan, hindi niya pa maisip ang mga tamang salita na puwedeng sabihin.

“Salamat...” sa wakas ay sabi ni Reema.

Napamulat siya. “K’ain ka na...” ay a niya rito.

Binigyan siya ng dalagang ina ng isang malungkot

na ngiti. “Sige, basta ba sasabayan mo ako, eh...” turan nito sa tonong naglalambing. Inihilamos nito ang palad sa mukha at ipinusod ang buhok.

“Puwede rin, hindi pa naman ako naghahapunan, eh.”

“Sige, maliligo lang ako.” Tinungo nito ang banyo matapos na humugot ng maisusuot mula sa built-in drawer.

Nilapitan naman niya ang teleponong nakapatong sa maliit na cabinet, na ngayon ay napapalibutan ng ilang basyo ng alak. Kailangan niyang tawagan ang ama, baka mag-aalala na naman ito.

Dadamputin na sana niya ang cordless phone nang matuon ang kanyang pansin sa maliit na picture frame kung saan nakakuwadro ang imahe ng mag-ina kasama ang isang lalaking moreno, bahagyang kulot ang buhok at kapansin-pansin ang matangos na ilong at maninipis na labi. Mukha rin itong maskulado base sa pagkakahapit ng pulang polo na suot nito.

Maganda ang pagkakangiti ng tatlo sa larawan; ni hindi maiisip ng makakakita na darating ang pagkakataon na iyon na mananatili na lamang alaala ang minsa’y isang pamilyang binuo ng dalawang nilalang na may magagandang mukha at mala-anghel na supling.

“Maybe you’re not aware of what you’re losing...” naibulong ni Justin sa hangin bago iniangat ang telepono at idinayal ang numero sa kanilang bahay.

Nakaapat na ring muna bago iyon sinagot ng ama.

“Pa...” sambit niya.

“Nasaan kang bata ka?” mataas na agad ang boses

ng ama. Tingin ni Justin ay hindi bagay rito ang ganoong tono. Forty-five pa lamang ito at mukhang mas bata kaysa sa edad, pero kung makapaghigpit ay animo nasa sitenta na at terorista na ang dating ng boses.

“Pa, nandito lang po ako sa bahay ng kaibigan ko. May konti siyang problema, eh. Sinasamahan ko muna.”

“Anong oras ka uuwi?” tanong nito na tantya niya ay hindi man lang pinakikinggan ang kanyang sinasabi.

“Ewan ko po, baka late na o kaya ay bukas na...” buntong-hininga niya.

“Justin Rosales, baka kung ano na iyang pinaggagawa mo ha,” asik nito sa maigting na boses.

“Papa naman eh, good boy at goodlooking po ako...” biro niya.

“Ayusin mo...” Lagi naman niyang naririnig ang bantang iyon mula rito.

“Opo,” sagot niyang hindi na rin itinago ang pagkayamot sa tinig. Minsan kasi ay OA na ang dating sa kanya ng paghihigpit ng ama.

“Wala ka din bang pasok bukas?” Bigla ay iniba ng ama ang usapan.

“Wala po...”

“Ini-invite tayo ng Tito Jom mo sa bahay ng Daddy.”

Ang Jom na binanggit ay ang bunsong kapatid ng ama, na siyang pinaka-successful sa magkakapatid dahil isa na itong Marketing Executive ng isang transnational company.

“Ano’ng meron?” naisip niyang itanong. Wala kasi siyang maisip na okasyon na siyang karaniwang dahilan ng kanilang get-together.

“Ayun! Magpapabinyag ang loko. Nakabuntis pala.

Ibinigay na lang sa kanya n'ung babae ang custody. May pending offer raw kasi d'un sa babae na position abroad. Kaso nabuntis nga kaya hindi nakaalis. Eh, open pa raw kaya ibinigay na sa tito mo ang custody n'ung bata."

"Ano ba 'yun? Parang nag-iwan lang ng tuta!" bulalas ni Justin.

Natawa lang ang kanyang ama sa kabilang linya. "Sinabi mo pa. Pero ganoon talaga. We can't always expect the right things to happen."

"Yeah," turan niya na ang nasa isip ay ang unfair na ginawa ng asawa ni Reema rito.

"Siya sige, basta umuwi ka bukas ha. At siguraduhin mong hindi problema ang dala mo rito." Napansin niyang ang daling mag-shift ng mood ng ama. Kanina animo galit, pero nang mapag-usapan ang binyag ay naging light naman ang tono. Minsan talagang mahirap intindihin ang mga magulang.

"Yes po. Ah, Papa..." habol niya rito; mabuti na lang at hindi ito agad nagbaba ng telepono.

"Bakit?"

"Can I bring a friend?" naisip niyang mada-divert ang attention ni Reema kung makikipag-socialize ito at hindi nagkukulang lang

"Sure."

"Okay, thanks po."

Tinapos nila ang usapan at nagpaalaman na. Eksakto namang palabas si Reema nang ibaba na niya ang telepono.

Niyaya niya itong lumabas na.



"Salamat ha..." sambit ni Reema nang

magkasarinlan sila sa isang sulok ng garden.

Kalong-kalong niya noon si Rodney at libang na libang ang bata habang ipinoposisyon niya ang maliliit na daliri nito sa maliit ring gitara na pag-aari ng kanyang pinsan.

“Saan?” nakangiting tanong ni Justin sa nanay ng bata. Nang matantya marahil na mag-uusap nang masinsinan ang matatanda ay umalis ang paslit sa pagkakaupo sa kanyang hita. “Saan ka pupunta?” tawag niya rito.

“Kakain po ako ng spaghetti...” anito sa tonong naglalambing.

Eksaktong padaan si Maxine kasama ang boyfriend nitong call center agent rin, niyaya nito si Rodney sa loob.

Iniwanan siya ng babae ng makahulugang tingin nang magtama ang kanilang mga mata. Hindi niya iyon pinansin.

“Saan nga?” kulit niya kay Reema nang mapansing hindi na nito sinagot ang kanyang tanong.

“For making an effort na malibang ako...” tapat na anito. She was playing with her drinks.

“Wala ’yun. Kaso umiinom ka na naman,” bati niya na pinatulis pa ang nguso.

Natawa si Reema sa kanyang ginawa. “Alam mo, ’yang mannerism mo na iyan, it makes anyone love you more. Ang cute eh!”

Tiningnan ni Justin nang matiim ang katabi. “Even you?” aniya sa tonong nananantya.

Hindi agad nakasagot ang tinanong.

Tumayo siya at tumalon sa harap ng babae. “Biro

lang iyon!” aniya na pilit na pinasisigla ang tinig. “Sino ba naman ako? Isang cute na estudyante na wala pang muwang sa mundo at walang kayang ipagmalaki sa buhay!” Binuntutan pa niya iyon ng mahinang tawa.

Luminga siya bago tumalon muli, dahil kung nakatingin ang sino man sa kapamilya niya ay siguradong malalaman ng mga ito ang dahilan kung bakit siya tumatalon.

It was his unique way of expressing his sadness; tumatalon siya nang marahan. At nasasaktan ang binata sa sandaling iyon kahit hindi niya lang malaman eksakto kung ano ang dahilan.

“Hindi sa ganon,” pilit na paliwanag ni Reema. “Pero kasi...” But words failed her.

Nakita ni Justin na palapit sa kanila ang ama, hindi na niya inintindi ang sinasabi ng babae. “Papa, napakilala ko na sa iyo si Reema, di ba? Na-meet ko siya sa resto. Anak niya ’yun.” Itinuro si Rodney na kausap ni Maxine.

“Ah, yeah. Kaya lang ay hindi kami nagkaroon ng pagkakataon na makapag-usap kanina.” Lumapit si Wilmer at naupo sa tabi ng babae. Naisip ni Justin na masyadong maliit ang mesa, parang nasu-suffocate siya dahil sa presensya ng ama. He needed air.

“Maiwan ko na muna kayo. Mainit eh,” paalam niya saka nagmamadaling umalis, habang nag-iinit ang mga mata.

Tumingala si Justin sa langit na noon ay papadilim na. Sa ilang saglit na pagtingala, nagawa niyong palamigin ang nag-iinit niyang mga mata. Naitanong niya ang sarili, *Hindi ba talaga ako lovable?*

Nalulungkot siya sa realization. Dahil parang hindi ang sagot doon ni Reema.

Itiningala niya muli ang mukha sa kalangitan. Talagang nakapagpapalamig ng mata ang view.



“Siya ba?”

Muntik na siyang mapatalon sa gulat nang bigla na lamang magsalita ang ama mula sa kanyang likuran. Nakaupo siya sa gilid ng kalsada sa labas ng gate ng kanilang four-bedroom bungalow.

May sasakyang dala si Reema kaya siya pa ang inihatid nito sa kanila. Pero simula nang maihatid siya kaninang bandang alas ocho ay hindi na niya maalisi sa isipan ang babae. Sa wala namang partikular na dahilan, iniisip niya ito—ang hitsura, at ang posibilidad na mahalina siya nito bilang isang lalaki. Kagaya kung paano siya nito tinanggap bilang mangingibig ilang gabi na ang nakakaraan.

“Opo, ’yung customer na problematic,” ani Justin saka binigyan ng puwang ang ama para makaupo sa kanyang tabi.

“Hindi iyon ang nakikita ko sa paraan ng pagtitinginan n’yo,” Wilmer stated simply.

Natahimik siya. Paano ba niya tingnan si Reema? Hindi niya masabi ang kaibahan niyon sa kung paano niya tingnan ang iba pang tao. Pero baka mas kilala siya ng ama, o maaari namang nagha-hallucinate lang ito at masyadong binibigyan ng kahulugan ang mga bagay-bagay.

“Papa naman, nag-i-imagine eh!” Pinilit niya ang isang ngiti.

"I'm not," tanggi nito saka nagpatuloy, "Kapag ama ka na, alam mo kung ano ang nararamdaman ng anak mo. Nababasa mo na ang kanilang mga mata, hindi pa man sila nagsasalita. Alam mo kung ano ang kanilang nararamdaman kapag tumatalon sila nang walang dahilan, o kapag tumitingala sa langit nang wala namang partikular na tinitingnan."

"Papa..." Hindi malaman ni Justin ang isasagot.

"At kapag ama ka na, handa kang makinig sa anak mo, sa oras na handa na siyang magbukas ng kanyang nararamdaman."

"I don't get you." Iyon ang pinili niyang sabihin.

Malungkot na ngiti ang isinagot ng kausap, tinapik lang siya sa balikat bago tumayo at pumasok na sa kabahayan.

Kinuha na lamang ng binata ang gitara at nagsimulang tumipa. Tumitipa lang siya ngunit ang isip naman ay naglalakbay sa mga posibilidad.

I only like her because she made me experience what good sex is.

I only like her dahil nararamdaman ko ang lakas ko bilang lalaki at her present state. Mahina siya ngayon and I feel proud na may pagkakataong humuhugot siya sa akin ng lakas.

I only like her because she has an almost perfect physical traits.

Or maybe I like her because she's rich. Baka at the back of mind ay nakakasilip ako ng isang taong masasandalan financially.

I like her.

Basta I like her... Damn! Masama na ito!

Tumayo si Justin mula sa pagkakaupo at makailang ulit na tumalun-talon. Now, he's feeling worse.

Natagpuan na lamang niya ang sarili na tumatawag sa babae.

"Hindi ka pa ba natutulog?" anang inaantok na boses sa kabilang linya.

"Indi pa eh..."

"Bakit?"

"Hindi pa ako naggo-goodnight sa iyo." Damn it, he sounded like a kid!

Mukhang tama si Justin dahil bahagyang natawa ang nasa kabilang linya. "Okay, goodnight... and thank you nga pala," sambit nito.

"Ayoko pang mag-goodnight," tanggi niya, "Thank you ulit? Para saan?"

"Sige, di huwag na muna. Thank you sa company mo at kahit paano ay nalilibang ako. Kahit paano... may ibang bagay akong naisip, bukod sa problema ko."

"You're welcome. Ayoko kasing nalulungkot ka..."

Katahimikan.

"Nandiyang ka pa ba?"

"Yep, salamat uli. Alam mo nag-decide na ako..."

"Na ano?"

"Na piliting gawing normal na muli ang takbo ng buhay ko. Di ako puwedeng mabuhay sa alaala ni Josh. May anak akong umaasa sa akin. At mas matindi ang sakit na dadaanan ni Rodney, dahil kadugo niya iyong nag-abandona sa kanya. So I have to be strong for him. Ilang taon akong nabuhay bago ko siya nakilala; magagawa ko ring mabuhay uli nang wala siya. But I can't deny that I am dying in pain..."

“Lagi lang akong nandito.”

“Salamat...”

Matapos ang ilang saglit na katahimikan ay nagpaalam na si Reema, pero ayaw namang pumayag ni Justin kahit alam niyang kaunti lang ang load niya.

“Sige na... dadalawin ka namin ni Rodney sa bahay n’yo bukas. Gusto ka raw niyang marinig na kumanta.”

Naalala niyang nabanggit niya sa bata na ang magaling na guitar player ay kumakanta rin habang tumutugtog.

Napangiti siya nang malapad. “Promise?”

“Promise...”

Nagpaalaman na sila.

Mas lalo siyang hindi makatulog kakaisip ng mga kantang aawitin niya para sa mag-ina.

“Dapat impressive! Dapat ’yung maganda!”

Natigilan siya sandali at napatanong sa sarili. Why was he so excited?

Baka kailangan na niyang sundin ang suhestyon ni Jewel. Kailangan na niyang magka-girlfriend.

Para naman hindi siya mukhang uto-uto na may magbigyan lang ng magandang experience sa sex ay iniisip na niyang nai-in love na siya.

Siguro nga ay gusto lang ni Justin na makatalik ulit ang babae, kaya hindi ito maalis sa kanyang utak. Which could also be the reason why he was so affected by her mere presence.

Maybe, just maybe...

3



*K*anta ng *Cueshe* na *Twenty-Four Hours Ago* ang pinakanagustuhang kanta ni Rodney. Sa halip na sa bahay niya ay nagyaya si Reema na magpunta sila sa isang restaurant kung saan may open mic din. Excited naman ang bata sa paglabas nila.

Nahilingan siya ng mag-ina ng kanta at pinabigyan naman niya ang mga ito.

Ewan niya kung naiintindihan ng paslit ang kanyang inawit o simpleng humanga lang sa husay niyang maggitarra. acoustic ang kanyang pagkaka-awit.

Sinasabayan pa ng audience ang chorus ng awitin.

“Ang galing mo po, Kuya Justin! Ang galing-galing!” excited na bati ni Rodney nang lapitan niya ang mga ito.

“Binobola mo naman ako, eh,” aniyang ginulo pa ang buhok nito bago naupo sa tabi. Nakipag-high five pa siya rito.

“Hindi, ang galing n’yo po talaga! Parang nagsasalita rin ang gitara...”

Natawa siya sa description ng bata. “Siguro kailangan na nating umuwi, gabi na mapupuyat ka na,” sambit niya.

“Kanina ko pa nga niyayang umuwi, kaso tatapusin

niya raw lahat ng kanta mo,” natatawang singit ni Reema.

“Hindi dapat nagpupuyat ang bata...” paalala niya.

“Eh gusto lang naman po kitang panoorin...” nakalabi nang turan nito.

Nagkatawanan sila ng ina nito; napansin na may resemblance pala ang kanilang facial expression.

They could pass for a father and son. Nasiyahan siya sa isiping iyon.



“Mahihirapan ka nang umuwi,” paalala ni Reema matapos niyang masamahan hanggang sa bahay nito.

“Okay lang iyon, sasabit na lang ako,” sagot ni Justin habang isinusukbit ang gitara.

Paano’y hanggang bago matulog ay nakikipagkuwentuhan pa rin si Rodney tungkol sa tamang pagtipa ng gitara at sa ilang mga basic na strumming. Nakatulugan na nito iyon at kahit siya ay muntik nang makatulog sa tabi nito.

Nang maramdamang tulog na ang bata ay inayos na lamang ito ni Justin sa pagkakahiga, kinumutan, saka iniwan na. Nakita naman niya si Reema na nasa silid nito at may binabasang report.

“Puwede namang dito ka na lang matulog. Ilang oras na lang naman, ah. Puwede ka namang umuwi nang maaga.”

Hindi siya sumagot.

“Sige na, dito ka na lang matulog,” natatawang pigil ng babae sa kanya. Tumayo na ito mula sa mesang kinaroroonan ng mga report na binabasa, lumapit at malambing siyang niyakap.

“Hindi ba nakakahiya?” sagot ni Justin na hindi namalayang itinutulis na naman ang nguso.

“Alam mo, kung hindi lang iyan mapula at kissable, I would say na pangit ’yang mannerism mo na iyan. But I find it cute.” Inilapit ng babae ang mga labi nito sa kanya.

Her perfume aroused him. He started responding to the kiss, deepened it, and sought hungrily for more.

Nang igiya siya ng babae pahiga sa kama at sinimulang hubaran, walang tangging nagpaubaya siya. Wala itong itinirang saplot sa kanyang katawan at agad na tinugma ng mga labi nito ang mga nipples niya. Napaungol siya sa ekspertong paglalaro ng dila nito sa paligid at sa mismong tuktok, habang ang isang kamay ni Reema ay marahang nagtataas-baba sa kanyang pagkalalaki.

Nang hindi na makatiis, pinagpalit niya ang kanilang posisyon. Ipinakita niya rito kung paano mangarinyo ang isang beinte dos años na binatang kagaya niya. Nakangiting hinayaan naman siya nito.

He started kissing her earlobe which brought out small moans from her mouth. He expertly moved to her lips at nagsimulang suyuin ang dila nito. She welcomed him and played with him. Sa pagkakataong iyon, walang anumang pagmamadali sa pagitan nila. They were enjoying every second, savoring what each other had to offer.

Malayang pinaglakbay niya ang mga labi sa leeg ng kasuyo habang ang kanyang kanang kamay ay nauunang naghahanap ng mga bagay na umaakit sa kanya; pabalik-balik ito sa dibdib at pagitan ng mga hita

ni Reema. Maya't maya ay iniaarko nito ang katawan bilang tugon sa mga ginagawa niya.

He moved farther down and captured one of her peaks with his mouth and expertly played with it. Ginawa niya iyon sa kabilang dibdib ng babae. Hindi niya pinansin ang mahihinang pakiusap ni Reema. Kumilos siya pababa at pinaliguan ng maliliit na halik ang bawat bahagi ng tiyan at puson ng kaniig.

Nang marating niya ang dako na siyang tunay niyang pakay, para namang nagdedeliryo na ang babae sa nararamdaman nito. Makailang ulit siya nitong tinawag, pero hindi ito pinakinggan ni Justin. He wanted more; wanted her to want him like how he wanted her.

Nang dumating sa punto na maging siya ay hirap na ring pigilin ang sarili, he lovingly went on top of her and took her slowly. Marahan sa simula, may pagsuyo... hanggang sa ang mismong katawan nila ang nagdikta ng ritmo at tuluyang bumilis iyon at sabay nilang naabot ang sukduhan.

Their energies were drained after. Hinagkan niya ito sa huling pagkakataon. Sa labas ng bahay ay nag-anyaya ang kalangitan ng pahinga—pansamantalang pahinga lamang, dahil paulit-ulit nilang pinagsaluhan ang ligayang iyon nang gabi ring iyon.

Heaven that night had come to them a number of times.



“Okay lang ba sa ’yo ang ganito?”

Night is supposed to be for sleeping and resting, but not for them. Dahil matapos ang makailang ulit na

pagtatalik ay gising na gising pa rin sila.

“Na from time to time ay nagsi-sex tayo?” she asked.

Tango ang isinagot ng lalaki.

Tumagilid ito at itinuon sa kanya ang mga mata. “Tell me, ano ba ang gusto mong mangyari?”

Hindi siya agad nakasagot sa tanong. “Ano...” he said but was at a loss for words.

“Can you commit yourself to me? If you say yes, can I ask you the reason? Is it because we are sexually compatible?”

Naumid si Justin. Hell! Bakit ba kasi siya nagtanong pa?

Tumikhim siya habang nag-iipon ng lakas ng loob. “Paano kung sabihin ko sa ’yong I’m falling for you?” he said trying to regain dignity. Hindi siya katulad ng iba, hindi niya maaaring ihanay ang sarili sa mga lalaking mambobola para lang makalibre ng sex.

Niyakap siya ni Reema nang maghigpit, hinalikan sa pisngi. “I won’t believe you. Ayokong umasa. Lalo na sa edad mo, hindi mo pa sigurado kung ano ang pagkakaiba ng pag-ibig sa init ng katawan,” she said in a low voice.

Nakadama ang binata ng iritasyon. “So sexmates lang talaga tayo,” he stated plainly.

“Dahil ayokong umasa. Ayoko na uling masaktan. Meron pa akong sugat na pinagagaling.”

Hindi na sumagot si Justin. Mas may karanasan sa buhay ang babae. Baka nga tama ito.

Ahh... hahayaan na lang muna niya kung saan sila dadalhin ng set-up nila.